THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No. 04* Enero 22-28, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# PHP20.6M MARIJUANA BRICKS/TUBULAR, NAREKOBER NG MGA KAPULISAN NG KALINGA

sundan sa pahina 3



## PUBLIC ANNOUNCEMENT!

PHILIPPINE NATIONAL POLICE

**Alert Levels System for COVID-19 in the NCR**
**Alert Level 3**
January 3 - 26, 2022

**Minimal onsite capacity**

*Allowed*
*( a maximum of thirty percent 30%) venue/ seating capacity for fully vaccinated individuals only and 50% outdoor venue capacity*

***Activities and Establishment***

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph

## NPA na Wanted sa kasong pananaksak, arestado sa Surigao del Norte

sundan sa pahina 10

## Php14M shabu nasabat sa Bangkal, Makati

sundan sa pahina 11



## PULISYAPEDIA

**Maaari bang pilitin maging witness ang isang taong ayaw tumestigo?**

Maaaring pilitin ang isang witness na tumestigo sa korte kung ang kanyang salaysay ay kinakailangan upang mapawalang-sala o mapanagot ang akusado. Ayon sa Saligang Batas at sa Rule 115 ng Rules on Criminal Procedure, ang isang taong nasasakdal sa isang kasong kriminal ay may mga Karapatan. Isa na dito ay ang pagkakaroon ng compulsory o sapilitan na proseso upang masiguradong dadalo sa paglilitis ang mga witness ng akusado at makakalap ng ebidensya pabor sa kanya kung mayroon man. Mayroong katumbas na parusa ang hindi pagdalo sa kabila ng paghahain ng subpoena sa nasabing testigo.

## JOINT TASK FORCE CV SHIELD

COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE
**09175382495**
SMART
**09988490013**
LANDLINE
**(02)87253176**
E-MAIL
**ncovmonitoring@gmail.com**

HOTLINE NUMBERS

#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect

## E - SUMBONG

*e - SUMBONG SMS Hotline*
SMART : **0919 1601 752**
GLOBE : **0917 8475 757**

Email :
e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page :
facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal :
https://e-sumbong.pnp.gov.ph

# Project "PADYAK" para sa kapayapaan, isinagawa ng Sarangani PNP



**Alabel, Sarangani Province (January 26, 2022) - Pinangunahan ni PCol Nicomedes Olaivar Jr, Provincial Director, Sarangani Police Provincial Office kasama ang kanyang team ang pagsasagawa ng Project "PADYAK" o ang Pulis At Mamamayan Damayan sa Yaman at Kaunlaran gamit ang mga bisekleta upang puntahan ang mga purok sa Brgy. Kawas, Alabel, Sarangani Province at makipagdiyalogo sa komunidad upang ibahagi ang mga plano at programa ng SPPO noong Enero 26, 2022.**

Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pagbisita sa mga lugar na ito at paggawa ng mga diyalogo at information drive sa mga opisyal ng bawat purok, mga grupo ng kababaihan, at mga kabataan ay nailalapit natin ang pulisya sa komunidad.

Maliban dito, regular nilang isinasagawa ang pamamahagi ng face mask at IEC materials patungkol sa RA 9262, RA 9165, RA 7610, Anti Rape Law, Cyber Crime Law at EO 70 (ELCAC) sa kanilang binibisitang lugar.

Ang grupo ay nagsasagawa rin ng clean-up drive partikular na sa Kawas Beach Resort kasama ang SK Chairman ng Brgy., Kabataan Kontra Droga At Terorismo (Kawas Chapter), at Advocacy Support Groups (Kawas Chapter) upang mahikayat silang pangalagaan ang kapaligiran. *(Panulat ni Patrolman Jerrald R Gallardo)*

# Day of National Remembrance for SAF 44, isinagawa sa buong bansa



**Camp Crame, Quezon City (January 25, 2022) - Isinagawa ng Philippine National Police ang sabayang pagpapatunog ng kampana ng simbahan para sa "Day of National Remembrance for SAF 44" sa buong bansa sa ganap na alas-tres ng hapon ng Martes, ika-25 ng Enero ng taong kasalukuyan.**

Ginugunita sa parehong araw ang maalaalang Oplan Exodus na kung saan nagbuwis ng buhay ang 44 na miyembro ng Special Action Force upang arestuhin ang teroristang si Marwan na kilala ding Osama Bin Laden ng South East Asia sa Mamasapano, Maguindanao noong taong 2015 ng parehong araw.

Ang pangyayaring ito ay yumanig sa buong bansa, nag-iwan ng di maubus-ubos na luha sa bawat pamilyang naulila at pinagluksahan ng sambayanan.

Gayumpayan, buong puso pa ring maglilingkod ang Pambansang Pulisya na magserbisyo nang tapat at handang ihandog ang iisang buhay para sa bayan. *(Panulat ni Patrolman Noel Lopez)*



# Bagong quarantine facilities sa PRO 10, pinasinayaan



**Lapasan, Cagayan de Oro City (January 24, 2022) - Matagumpay na dinaluhan ni Police Regional Office 10, Director, Police Brigadier General Benjamin Acorda Jr. ang Turnover Ceremony ng mga bagong gawang Quarantine Facilities sa Camp 1Lt Vicente G Alagar, Lapasan, Cagayan de Oro City noong Enero 24, 2022.**

Sa patuloy na pakikipaglaban ng bansa laban sa pandemya dulot ng COVID-19, ang bagong itinayong Quarantine Facilities ay inilaan upang ma-accommodate ang mga PNP personnel na nagpositibo at nakakategorya bilang mild at asymptomatic.

"Ang pasilidad na ito ay isang pagpapakita ng kahandaan ng Police Regional Office 10 na tugunan ang mga alalahanin sa COVID-19 tulad ng paggamot at pagkakahiwalay", ani PBGen Acorda Jr.

"Inaasahan namin ang magkakaugnay na suporta mula sa komunidad at mahigpit na pagsunod sa mga health protocols at sana ay matigil na ang pagkakahawa-hawa ng COVID-19", dagdag niya.

Patuloy na tinatanggap ng Police Regional Office 10 ang new normal system sa pamamagitan ng pag-maximize ng mga pasilidad nito para sa kapakanan ng mga personnel. *(Panulat ni Patrolman Joshua C Fajardo - RPCADU 10)*

# Php20.6M Marijuana Bricks/Tubular, narekober ng mga kapulisan ng Kalinga




**Tinglayan, Kalinga (January 21, 2022) - Narekober ng mga kapulisan ng Kalinga ang mahigit Php20,640,000 halaga ng marijuana bricks/tubular na nakatambak sa loob ng mga abandonadong sako malapit sa national road sa Sitio Iyukan, Mallango, Tinglayan, Kalinga noong umaga ng Enero 21, 2022.**

Nagtatag ang pulisya ng checkpoint upang paigtingin ang operasyon dahil sa isang ulat mula sa Regional Intelligence Division (RID) na may mga hindi pa nakikilalang kalalakihan ang nagdala ng marijuana mula Tinglayan, Kalinga patungong Tabuk City, Kalinga.


Pinangunahan ng operatiba ng Tinglayan MPS ang pinagsamang operasyon ng mga operatiba ng PROCOR na nagresulta sa pagkarekober ng inabandonang limang (5) sako na naglalaman ng hinihinalang pinatuyong dahon at mga tangkay ng marijuana na may 158 na piraso ng brick na nakabalot sa transparent plastic at may timbang na humigit-kumulang 158,000 grams na nagkakahalaga ng Php18,960,000 at 14 na piraso na tubular na humigit-kumulang 14,000 gramo at nagkakahalaga ng Php1,680,000.

Pinaniniwalaan na inabandona ng mga drug courier ang mga marijuana bricks dahil sa itinatag na police at COMELEC checkpoints sa kahabaan ng provincial at national road.

Kasalukuyang nagsasagawa ng follow-up investigation ang mga operatiba para sa posibleng pagkakakilanlan at agarang pag-aresto sa mga suspek.

Ang onsite inventory ay isinagawa sa presensya ng Media representative at isang Barangay Kagawad ng Mallango, Tinglayan, Kalinga. *(Panulat ni PSSg Ermilinda G Cacliong)*

# Guro, arestado sa paglabag sa COMELEC Gun ban




**Tuao, Cagayan (January 23, 2022) - Natimbog ang isang lalaki sa isinagawang COMELEC checkpoint ng mga kapulisan ng Tuao Police Station, Regional Mobile Force Battalion 2 at 1st Cagayan Provincial Mobile Force Company sa koordinasyon sa COMELEC sa Barangay Alabiao, Tuao, Cagayan dakong 12:15 PM ng Enero 23, 2022.**

Kinilala ang suspek na si Lorenzo Pagulayan Jr. y Fronda, 25 taong gulang, guro at residente ng Asinga Via, Baggao, Cagayan.

Batay sa report ng PNP Tuao, napara nila ang isang Mitsubishi Montero na kulay itim na walang plaka o conduction sticker.

Sa isinagawang pagsisiyasat batay sa plain view doctrine, nang ibinaba ng suspek ang bintana ng kanyang sasakyan ay agad nakita ng mga kapulisan ang isang (1) unit ng caliber 22 revolver na may markang cal. 22.Lt.HW3 TELL na may pitong (7) bala at isang (1) holster.

Hiningan si Pagulayan ng mga dokumentong magpapatunay na legal ang kanyang pagbitbit ng baril subalit wala itong maipakita.

Nahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa RA 10591 o Comprehensive Firearm and Ammunition Regulation Act at Omnibus Election Code.

Kasalukuyan nasa kustodiya na ng Tuao Police Station si Pagulayan para sa dokumentasyon at tamang disposisyon. *(Panulat ni Police Corporal Carla Mae P Canapi)*

# MisOr's vice mayoralty candidate na akusado sa pagpatay kay Dr. Andutan Jr. sa CDO, sumuko!




**Cagayan de Oro City (January 24, 2022) – Nasa kustodiya na si Balingoan Vice Mayoralty candidate Richard Gepte sa Cagayan de Oro City Police Office (COCPO) pagkatapos nitong sumuko sa mga awtoridad.**

Ayon sa spokesperson ng COCPO na si Police Major Evan Viñas, pumunta si City Police Director Police Colonel Aaron Mandia at PRO 10 Regional Director, Police Brigadier General Benjamin Acorda sa lokasyon ni Gepte para ihain ang Warrant of Arrest sa kasong pagpatay na inisyu ni RTC Branch 21 Presiding Judge Gil Bollozos.

Pinangalanan si Gepte ng tatlong naunang naaresto na pumatay kay Maria Reyna Xavier University Medical Director, Dr Raul Winston Andutan Jr noong Disyembre sa Brgy Nazareth sa lungsod na ito. Ang nasabing tatlo ay nakakulong na sa Lumbia City Jail.

Sa ngayon, tanging si Reynaldo Tortusa, na sinasabing 'middleman' ni Gepte ang patuloy paring pinaghahanap ng mga awtoridad. *(Panulat ni NUP Sheena Lyn Montiero-Palconite, RPCADU 10)*

# Top 1 Most Wanted Person for Child Abuse, arestado!

**San Francisco, Surigao del Norte (January 24, 2022) – Naaresto ng mga tauhan ng San Francisco Municipal Police Station ang Top 1 Most Wanted Person (Municipal level) dahil sa paglabag sa Sec.10 (a) ng RA 7610 o Special Protection of Children Against Abuse, Exploitation and Discrimination at RA 8353 o Anti-Rape Law of 1997 sa Purok 5, Barangay Honrado, San Francisco, Surigao del Norte noong Enero 24, 2022.**

Kinilala ni Provincial Director, Police Colonel Renato C Mercado ang suspek na si Larry R Dalanan Jr, 42 taong gulang, magsasaka, at residente ng Purok 5, Barangay Honrado, San Francisco, Surigao del Norte.

Inaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest sa Paglabag sa Sec.10 (a) ng R.A 7610 na may Criminal Case number 15176 at may rekomendang piyansa na Php80,000.00, at RA 8353 na may Criminal Case number 15177 na walang piyansa na inirekomenda na inisyu noong Marso 18, 2021 sa RTC Branch 30 sa Surigao City.

"We will remain steadfast in our campaign against wanted persons and put them behind bars", saad ni PD Mercado. *(Panulat ni Patrolman Jhunel D Cadapan RPCADU13)*



# PNP CHIEF @ UR SERBIS

*Ni PGen Dionardo B Carlos*

## Mahigpit na pagsunod sa mga alituntunin sa pangangampanya sa ilalim ng "New Normal"

Pinapaalalahanan ng Philippine National Police ang ating mga kandidato at ang kanilang mga tagasuporta para sa 2022 National and Local Elections na sumunod sa mga panuntunan sa pangangampanya na itinakda ng Commission on Elections o COMELEC at suportado ng Department of Interior and Local Government o DILG lalo na ngayong panahon ng pandemya.

Inaasahan natin na susunod ang mga kandidato at kani-kanilang tagasuporta sa mga alituntunin na isinasaad ng COMELEC Resolution No. 10732 patungkol sa panahon ng pangangampanya para sa mga pambansang kandidato na magsisimula ngayong Pebrero 8, 2022 at sa Marso 25, 2022 naman para sa local candidates.

Nakasaad dito ang mga panuntunan na "new normal" na pagsasagawa ng mga pisikal na pangangampanya, pagsasagawa ng rally, pagpupulong, at iba pang kaugnay na mga aktibidad. Kabilang din dito ang pagsunod sa minimum public safety protocols na itinakda ng Department of Health o DOH.

Ayon na naturang resolution, kabilang sa mga ipinagbabawal na gawain o aktibidad ay ang pagpasok sa mga pribadong tirahan para sa pangangampanya sa bahay-bahay kahit na may pahintulot ang may-ari, pagsisiksikan, pakikipagkamay o iba pang anyo ng pisikal na pakikipag-ugnayan, pagkuha ng mga selfie o litrato na nangangailangan ng malapit sa mga tao, at pamamahagi ng pagkain at inumin. Kasama rin dito ang pagbabawal sa malakihang pagtitipon o kaganapan kaugnay sa pangangampanya.

Kasama naman sa tungkulin ng ating kapulisan ang masugid na pagbabantay at pagsubaybay sa mga aktibidad na may kaugnayan sa halalan habang pinapanatili ang ating pagiging apolitical. Kabilin-bilinan natin sa ating mga kasamahang pulis na huwag makikisawsaw o magpapakita ng pagsuporta sa isang partido o kandidato para maiwasan ang problema. Manatili tayong patas at may mataas na respeto sa bawat isa, mapakandidato man o tagasuporta.

Pinakikiusapan din natin ang publiko na naging mapagmatyag at tumulong sa pag-uulat ng mga paglabag sa mga alituntunin ng pangangampanya. Tandaan natin na ang pakikipagtulungan at pakikiisa ng bawat isa sa ating mga otoridad, at pagsunod sa mga ipinatutupad na alituntunin ay malaking tulong upang maging maayos, ligtas at mapayapa ang Halalan sa ating bansa.

# EDITORYAL

## Pagpupugay sa ating mga bayaning pulis

Nitong ika-25 ng Enero ng kasalukuyang taon ay ginunita natin ang katapangan at kabayanihan ng 44 na miyembro ng elite PNP Special Action Force na namatay sa operasyon sa Mamasapano, Maguindanao pitong taon na ang nakararaan.

Ito ay bahagi ng Presidential Proclamation No. 164 kung saan ipinahayag ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte tuwing ika-25 ng Enero ang "National Day of Remembrance for the Gallant SAF 44", upang ipaalala sa mga Pilipino ang kabayanihan ng SAF 44 at ang araw-araw na sakripisyo ng miyembro ng unipormadong ahensya ng gobyerno sa pagpapanatili ng kapayapaan, kaayusan at seguridad ng bansa.

Ang pangyayaring ito ay parte na ng kasaysayan at magiging inspirasyon ng mga kasalukuyan at mga susunod pang henerasyon ng mga alagad ng batas. Sila ang sumasalamin sa kadakilaan at kung ano ang kayang isakripisyo ng isang alagad ng batas para matupad ang sinumpaang tungkuling mapanatili ang seguridad ng bawat mamamayan at masigurong payapa ang bawat komunidad.

Bukod sa ating SAF 44, marami rin tayong mga kabaro na walang pag-aalinlangang nagbuwis ng buhay dahil sa tawag ng tungkulin. Katulad na lamang ni PMSg Magno na dumapa sa granadang inihagis ng isang suspek sa isang eskwelahan sa Misamis Oriental. Sino naman ang makakalimot sa ating mga kabarong namatay sa mga engkwentro kontra ilegal na droga.

Nadadagdagan rin ang bilang ng ating mga kapulisan na nasasawi bunsod ng patraydor na pagpatay ng mga miyembro ng teroristang komunistang grupo. Sa loob ng limang dekada, paulit ulit na ang ganitong pangyayari pero hindi parin natitinag ang paninindigan ng hanay ng pambansang pulisya na ipatupad ang mandato nitong protektahan ang sambayanan kahit pa kapalit nito ay ang kanilang buhay.

Tunay ngang kaakibat ng pagsuot ng uniporme ng isang pulis ay ang araw araw na walang katiyakan na sila ay makakabalik nang buhay sa kanilang mga pamilya. Magsilbing inspirasyon sa atin ang ating mga kabarong buong giting na nagtanggol sa kapayapaan at kaayusan ng ating bayan.

Sinisiguro ng pambansang pulisya na hindi pababayaang bumalik pa ang mga masasamang loob sa ating mga komunidad at lansangan at bilang pagpupugay sa ating mga kapulisang walang pasubaling nag-alay ng buhay sa ngalan ng serbisyo publiko, hindi papabayaang masayang ang kanilang mga sakripisyo bagkus pagyayamanin at ipagpapatuloy ang kanilang mga nasimulan.

Makakaasa ang publiko na paghuhusayan pa ng ating mga kapulisan ang kanilang pagtupad sa sinumpaang tungkulin bitbit ang sakripisyo ng kanilang mga kabaro at ang lubos na suporta ng mamamayang Pilipino na pinagbubuklod ng hangaring magkaroon ng matiwasay at progresibong lipunan.




# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## PNP Chief, PGen Dionardo Carlos, nanguna sa "Oath-Taking and Donning of Ranks Ceremony of Star Rank Officers" sa Camp Crame

Nanguna si Philippine National Police Chief, PGen Dionardo Carlos bilang Administering Officer sa "Oath-Taking and Donning of Ranks Ceremony of Star Rank Officers" na ginanap sa PNP Multi-Purpose Center, Camp BGen Rafael T. Crame, Quezon City.

Ayon kay PBGen Constancio Chinayog Jr., Executive Officer, Directorate for Personnel and Records Management (DPRM), kabuuang bilang anya na labing-apat na mga bagong Heneral ang nanumpa sa kanilang bagong ranggo na kung saan tatlo dito ang mga Police Major Generals (PMGEN) o Two-Star General at labing-isa naman na mga Police Brigadier Generals (PBGEN) o One-Star General.

Kabilang sa mga nanumpa sa kanilang bagong ranggo bilang Police Major General ay sina: PMGen Valeriano De Leon, DO; PMGen Ronaldo Olay, DL; at si PMGen Rex Urbano, IAS. Habang mga bagong Police Brigadier General naman sina: PBGen Lyndon Mencio, Area Police Command-WM; PBGen Dexter Rellora, DPL; PBGen Joel Limson, PRO-8; PBGen Baltazar Rivera, PRO-4B; PBGen Joaquin Alva, SDS-OTCDS; PBGen Roderick Augustus Alba, PIO-OCPNP; PBGen Ernesto tendero Jr., PNPA; PBGen Ferdinand Navarro, IAS; PEMS Pablo Labra II, PRO-BAR; PBGen Bowenn Joey Masauding, DC; at si PBGen Andre Dizon, OCPNP.

Sa naging mensahe ni PNP Chief, PGen Dionardo Carlos ay pormal na nagpaabot ng kanyang pagbati sa ating mga bagong Police Major Generals at Police Brigadier Generals dahil sa mga bagong ranggo o promosyon na kanilang tinanggap. Kalakip din nito ay ang kanyang paala-ala na manatiling tapat sa kanilang sinumpaang tungkulin sa bayan. Ang pagtaas anya ng kanilang ranggo ay nangangahulugan lamang ng karagdagang responsibilidad na kanilang gagampanan sa Pambansang Pulisya. Naniniwala naman si PNP Chief sa kakayanan ng ating mga bagong Police Generals dahil sa kanilang magandang accomplishments at malinis na track record mula noon hanggang sa ngayon.

Nagpasalamat naman ang mga newly promoted Police Generals sa ating PNP Chief, PGen Carlos dahil sa pagtitiwala sa kanilang kakayanan, ganun din sa ating mahal na Pangulong Rodrigo Roa Duterte dahil sa panggagawad sa kanilang mga bagong ranggo, bagay na kanilang susuklian ng isang malinis at tapat na pagseserbisyo hindi lamang sa PNP kundi lalo na sa ating mga mamamayang pinaglilingkuran. (PEMS Eric B Fernandez, PNP PIO).


# EDITORIAL BOARD

**PGEN DIONARDO B CARLOS**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN BARTOLOME R. BUSTAMANTE**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL BERNIE H. ORIG**

*Business Manager*
**PLTCOL AIZA ZITA S. SAN ANTONIO**

*Managing Editors*
**PLTCOL CHRISTINE R BAGUNDOL**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Josephine T. Blanche *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*


Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## "Hindi ka nag-iisa, may nagmamalasakit sa iyo"

Mapagpalapang araw po sa inyong lahat. Tunay at tapat ang Panginoong Diyos sa Kanyang pangako sa ating lahat na hindi Niya tayo iiwan ni pababayaan man. Bagama`t tayo ay nasa panahon ng pandemya ang Kanyang biyaya at pagpapala ay sapat upang tayo ay magtagumpay sa mga pagsubok na ating pinagdadaanan sa buhay.

Pagod ka na ba? Iniisip mo nang sumuko dahil hindi mo na kaya at hindi alam ang gagawin sa buhay. Lahat ng mga naririnig mo sa paligid ay hindi maganda at may mga komentong nakakapanghina ng iyong loob. Nilapitan mo na ang lahat ng kakilala at mahal sa buhay at umaasa na sa iyong katayuan at sitwasyon ay tutulungan ka nila at susuportahan ka sa iyong pangangailangan. Ang nakakalungkot, hindi mo nakamit ang iyong inaasahan at sa halip na tulungan ka, batikos at pag-aalimura pa ang iyong narinig. Ang sabi mo sa iyong sarili, "Ayoko ko at suko na ako, mas maganda pang wakasan na lang ang buhay ko!" Sandali lang kapatid, huwag mawalan ng pag-asa, anuman ang sitwasyon ng iyong buhay mayroon tayong maaasahan sa lahat ng panahon. Handa Siyang makinig sa iyo at magbibigay ng solusyon sa iyong problema.

Gusto mo ba Siyang makilala?

May Diyos na nagmamalasakit sa iyo.

"Ilagak ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kabalisahan sapagkat Siya ay nagmamalasakit sa inyo."1 Pedro 5: 7.

Mayroong Diyos

Mayroong Diyos na makapangyarihan sa lahat. Walang imposible sa Kanya at madali Niyang gawin ang lahat ayon sa Kanyang kalooban. Walang sinoman o anomang nilikha o anomang pangyayari o anomang problema o anomang sakit na humigit o pumantay man sa Kanya. Ang lahat nasa ilalim ng Kanyang kapangyarihan at kontrol. Lahat ng problema, pagsubok, krisis, karamdaman ay kaya Niyang pagalingin, at ang lahat ng suliranin ay Kaya Niyang lutasin. Walang anomang pangangailangan na hindi Niya kayang isuplay o ibigay.

Kaibigan, mayroong Diyos na makapangyarihan sa lahat. Ang Diyos na ito ay ang Diyos ng Israel at ang Diyos ni Abraham, Isaac, at Jacob. Ang Diyos na ito ay kinilala bilang ang Ama, ang Panginoong Jesucristo, at Banal na Espiritu. Ito ang isang tunay na Diyos.

Mayroong Diyos na nagmamalasakit sa iyo.

Kaibigan, hindi ka nag-iisa sa pakikibaka mo sa buhay. Hindi ka nag-iisa sa pagharap at pagpasan mo ng iyong mga suliranin at problema. Hindi ka nag-iisa sa pakikipaglaban mo sa sakit o karamdaman. Hindi ka nag-iisa sa panahon ng iyong pangangailangan. May Diyos na nagmamalasakit sa iyo-- Diyos na nakakaunawa ng iyong kalagayan at nararamdaman at nakakadama ng iyong pag luha. Kaibigan, may Diyos na nagmamalasakit sa iyo, handang tumulong sa iyo at naghihintay ng iyong paglapit sa Kanya. Maniwala ka at magtiwala sa Kanyang pagmamahal sa iyo. Maniwala ka na gusto ka Niyang tulungan. Magpakumbaba ka sa Kanyang harapan. Kung ang pamumuhay mo ay hindi naging kalugud-lugod sa Kanya, humingi ka ng tawad at patatawarin ka Niya. Lumapit ka sa kanya ng nagpapakumbaba at hindi ka Niya itatakwil. Tinubos ka ni Cristo sa lahat ng iyong mga kasalanan at Siya na ang umako ng lahat ng kaparusahan ng iyong mga kasalanan. Huwag kang mag-atubiling lumapit sa Diyos. Hindi mo siya kaaway at kakampi mo siya. Lapit na sa Kanya, ilagak mo sa Kanya ang lahat ng iyong takot, problema, alalahanin, kabalisahan sapagkat nagmamalasakit Siya sa iyo. Ilagak mo sa Kanya ang lahat ng iyong kabalisahan at hayaan mong Siya ang pumasan ng lahat ng mga iyon. Makikita mo gagaan ang iyong kalooban, papayapa ang iyong isipan, malulutas ang lahat ng iyong problema.

Tandaan mo kaibigan: May Diyos na nagmamalasakit sa iyo at laging nasa tabi mo na hindi ka iniiwan at naghihintay na ipasa mo sa Kanya ang lahat ng iyong alalahanin sa buhay!

## Mandurukot, hindi nakawala sa kamay ng Pulis La Trinidad



**La Trinidad, Benguet (January 25, 2022) - Isang lalaking mandurukot ang hindi nakawala sa maagap na pagresponde ng isang pulis na nakadestino sa La Trinidad Municipal Police Station na si PCpl Marlon Esden noong Enero 25 taong kasalukuyan.**

Ayon sa ulat, isang ginang ang naglalakad sa kahabaan ng Km.5 Pico, La Trinidad, Benguet ng mahalata niyang parang may kumakapa sa bulsa ng kanyang pantalon at nang nilingon nga niya ay isang di kilalang lalaki ang dumukot sa kanyang cellphone.

Dito nga ay agad sumigaw at humingi ng tulong ang biktima na umagaw sa atensyon ng isang traffic personnel sa gitna ng kalsada na si PCpl Esden.

Pagkalingon ni PCpl Esden ay nakita niya ang lalaking tumatakbo na tinuturo ng biktima at walang pag-aalinlangan ngang hinabol ni PCpl Esden ang suspek na kanyang nahuli sa gitna ng kalsada.

Kinilala ang suspek na si Kevin Lumdang Villegas, 30 taong gulang at kasalukuyang nakatira sa Quirino Hill, Baguio City.

Dinala ang suspek sa La Trinidad MPS main office para sa kaukulang dokumentasyon. *(Panulat ni Police Corporal Melody L Pineda)*

## Scammer, huli sa Arayat, Pampanga

**Arayat, Pampanga (January 28, 2022) - Huli ang isang scammer matapos makapanloko at makakuha ng malaking halagang pera sa kanyang biktima sa Barangay Poblacion, Arayat, Pampanga noong ika-28 ng Enero ng kasalukuyang taon.**


Ayon sa ulat, nagsagawa ng isang entrapment operation ang mga tauhan ng Cyber Financial Crime Unit sa pangunguna ni PLt Marlon Flores, Team Leader sa harap ng South Star Drug, Spino St., Poblacion, Arayat, Pampanga na nagresulta sa pagkakahuli ng isang suspek na kinilalang si Clinton Velasquez Caguiat a.k.a Ivy Sison, 25 taong gulang, walang trabaho at residente ng 26 Guemas Purok 4, Pampanga.

Isiniwalat ng biktima na kinilalang si Ruth Dalupang y Gaspar, 25 taong gulang, isang cashier at kasalukuyang nakatira sa 10-C Kaingin Rd. Brgy. Apolonio Samson, Quezon City na ang suspek ay nagpanggap sa Facebook na siya ay si "Ivy Sison" na kaibigan ng kanyang ina na kung saan ang nasabing suspek ay inaalok umano ito ng trabaho sa ibang bansa.

Dahil sa kagustuhan ng biktima na makapagtrabaho sa ibang bansa ay napaniwala ito ng suspek at dito na nagsimula ang paghingi nito ng pera sa biktima na umabot sa Php231,000.

Kalaunan ay napag-alaman ng biktima na ang suspek ay hindi pala si "Ivy Sison" at ginamit lamang nito ang Facebook upang makapanloko ng tao. Kaya naman agad inireport ng biktima ang suspek na nagresulta ng kanyang pagkakahuli.

Ang nahuling suspek ay sasailalim muna sa Swab Test bago dalhin sa kustodiya ng PNP ACG sa Kampo Crame para sa wastong dokumentasyon at disposisyon. *(Panulat ni Police Corporal Maria Elena S Delos Santos)*



# Mahigit 15,000 birth certificates, matagumpay na naiproseso ng R-PSB








**Davao City (January 18, 2022) - Umabot na sa mahigit 15,000 ang bilang ng Certificate of Live Birth ang matagumpay na naiproseso ng mga tauhan ng Revitalized-Pulis sa Barangay sa iba't ibang sulok ng Geographically Isolated and Disadvantage Areas o GIDAs sa buong Rehiyon Onse.**

Kamakailan nga ay 97 birth certificates na naman ang naiturn-over sa mga katutubong Matigsalug sa Sitio Sandunan, Brgy. Tamugan, Marilog Dist., Davao City noong Enero 18, 2022, sa pangunguna ni Police Regional Office 11, Regional Director, PBGen Filmore Escobal na lubos na ipinagpasalamat ng mga naging benepisyaryo nito.

Sa loob ng mahigit dalawang (2) taon, simula nang mag-umpisa ang programa ng R-PSB sa ilalim ng pamumuno ni PBGen Escobal ay marami na sa mga residente na nakatira sa GIDAS na hindi pa rehistrado lalo na ang mga kapatid nating katutubo mula sa iba't ibang tribo ang nabigyan ng pagkakataon upang magkaroon ng pagkakakilanlan at maging isang tunay na Pilipino. Gayundin ang pagiging ganap na kaisa ng pamahalaan dahil sa pagkakaroon ng birth certificate kung saan mismong mga tauhan ng R-PSB ang nagpoproseso nito.

Dahil sa layo ng kanilang mga lugar at kamahalan ng pamasahe, ang pagtungo sa mismong tanggapan ng Local Civil Registrar ay mahirap para sa mga katutubo. Maliban dito, ang ilan sa kanila ay walang kakayahang magbasa at magsulat kaya naman upang mas mapadali, ang R-PSB na mismo ang nagdadala at nagpoproseso nito.

Isa lamang ito sa layunin ng programa ng R-PSB upang matugunan ang pangunahing pangangailangan ng komunidad sa mga liblib na lugar. Sa pamamagitan ng iba't ibang aktibidad ng R-PSB ay nailalapit nito ang mga programa ng gobyerno sa mga GIDAS barangays. *(Panulat ni Police Corporal Mary Metche A Moraera - RPCADU 11)*

# Manganganak na ginang, tinulungan ng mga pulis








**Talaingod, Davao del Norte (January 24, 2022) - Gamit ang isang kumot na ikinabit sa matibay at mahabang kahoy, pinagtulungang buhatin ng mga tauhan ng Revitalized-Pulis sa Barangay (R-PSB) Talaingod sa pamumuno ni PLt Roland Rubion, Team Leader at ng mga residente sa Sitio Nasilaban, Brgy. Palma Gil, Talaingod, Davao del Norte ang manganganak na si Myra Dogiyon, umaga ng Lunes nitong Enero 24, 2022.**

**Dahil sa dumaranas na si Myra ng matinding pananakit ng tiyan ay kaagad at madalian na itong binuhat ng R-PSB upang maibaba mula sa bahay nito patungo sa kinaroroonan ng ambulansya na maghahatid sa kanya sa ospital sa kadahilanang pansamantalang hindi makadaan ang sasakyan sa kanilang lugar dahil sa araw-araw na pag-ulan at pagguho ng lupa.**

**Si Myra ay ligtas na naisugod sa Kapalong District Hospital, kaya naman malaki ang naging pasasalamat ng pamilya sa R-PSB Talaingod dahil sa agarang aksyon at pagresponde nito sa mga tulad nilang nangangailangan ng tulong.** *(Panulat ni Patrolwoman Rose Ann M Delmita)*

# Ang Pambansang Araw ng Pag-alala para sa SAF 44



**Ginugunita ng Philippine National Police (PNP) nitong Martes ang magiting na sakripisyo ng nasawing 44 na PNP-SAF commando, na namatay pitong taon na ang nakararaan sa anti-terrorism operation na tinawag na Oplan Exodus sa Mamasapano, Maguindanao, isa sa mga hindi malilimutan at mapangwasak na insidente sa kasaysayan ng serbisyo ng pulisya.**

Ang pagdiriwang ng pambansang araw ng pag-alala ay alinsunod sa Presidential Proclamation No. 164, na inilabas ni Pangulong Rodrigo R Duterte, na nagdedeklara sa Enero 25 ng bawat taon bilang isang araw ng National Remembrance bilang parangal sa kabayanihang pagkamatay ng 44 PNP-SAF elite troopers.

Ngayong taon, bilang pagpupugay sa katapangan ng SAF 44 para sa ating bansa, isang National Day of Remembrance ang idinaos sa Special Action Force Headquarters sa Camp Bagong Diwa, Bicutan, Taguig City.

Ang aktibidad sa paggunita ay dinaluhan ni Justice Secretary Menardo I Guevarra bilang Panauhing pandangal at Tagapagsalita, at dinaluhan ng mga matataas na opisyal ng PNP sa pangunguna ni Chief PNP, Police General Dionardo B Carlos at mga pamilya ng SAF 44.

Ang aktibidad ay nagsimula sa Eucharistic mass na pinangunahan ni Rev Fr. Police Colonel Arnulfo Castillo, Chaplain Service, NCRPO na sinundan ng pag-aalay ng bulaklak sa SAF 44 Memorial sa ginanap na Wreath-Laying Ceremony.

"Sa mga pamilyang naiwan nila, anak, kapatid, asawa at ama. Sa mga tao at bansang kanilang pinaglilingkuran, sila ay mga bayani na ang debosyon sa bansa ay nagpapatunay na mas makapangyarihan kaysa sa kamatayan mismo. Ang kalagayan ng 44 na bayaning ito ay isang tinta ng kwento ng kasaysayan at nakaukit sa ating sama-samang alaala", sabi ni Secretary Guevarra sa kanyang mensahe.

"The Dedication and Sacrifice of the Men of Valor is the Pinnacle of Patriotism, sinabi ni Guevarra na ang pagkamatay ng SAF 44 ay nagsilang ng mga bayani ng bansa. Nagbayad sila ng pinakamataas na halaga para sa hindi mabibiling regalo na tinatamasa natin ngayon, ang regalo ng pamumuhay nang may kapayapaan at kalayaan na malayo sa pinsala at walang takot", dagdag niya.

Sa hiwalay na pahayag, nagbigay-pugay si Chief PNP, Police General Carlos, sa kagitingan ng SAF 44, aniya, "Never again we are going to allow history to repeat itself. Ang kalunos-lunos na pagkawala ng SAF 44 ay isang aral na hindi natin dapat kalimutan. Ang kanilang buhay ay hindi mapapalitan. Tulad ng mga henerasyon ng mga mandirigmang bayani na nauna sa kanila, ibinigay ng ating SAF 44 ang lahat ng mayroon sila, hindi para sa kaluwalhatian, o para sa anumang pasasalamat, ngunit para sa isang bagay na higit sa kanilang sarili".

Kasabay ng pag-alala sa SAF 44 na mga namatay na bayani, ginugunita din ng PNP ang buhay ng 126 PNP frontliners na sa kasamaang-palad ay pumanaw at hindi nakaligtas sa sakit na corona virus.

Sa isang hiwalay na aktibidad, isang wreath-laying ceremony na pinangunahan naman ni Police Lieutenant General Joselito Vera Cruz, The Deputy Chief PNP for Administration kasama si Police Major General Rhoderick Armamento, Director, Information Technology Management System ay ginanap din sa Bantayog ng mga Bayaning Tagapamayapa sa Camp Crame sa umaga ng parehong araw.

Hinding-hindi malilimutan ang mga sakripisyo ng ating mga kapulisan na nagsilbi sa ating bayan, sila ay pinararangalan at patuloy na bibigyan ng parangal upang ito ay maging inspirasyon para maipagpatuloy ang ating sinumpaang tungkulin na protektahan ang ating mga tao mula sa walang habas na karahasan, kriminal na gawain at ilegal na droga na sumisira sa buhay at kinabukasan ng ating nakababatang henerasyon. *(Panulat ni Patrolwoman Nica V Segaya)*

# Operation Tabang CARAGA, isinagawa ng Lanao del Norte PNP!

**Surigao Del Norte (January 21, 2022) - Nag-donate at namigay ng mga food packs, sako ng bigas, sari-saring gamit, mineral water, damit, at buto ng gulay ang Lanao Del Norte Police Provincial Office sa pangunguna ni Police Colonel Isias Bacurnay Jr., Provincial Director at ni Police Lieutenant Colonel Salman Saad, Chief, Police Community Affairs Development Unit, at sa pakikipagtulungan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Lanao Del Norte sa pamamagitan ng Provincial Interfaith Council sa pamumuno ni Fr. Renato Caballero, Presidente sa Surigao City noong Enero 21, 2022.**


**Isa sa Faith Based Advocacy Support Group ng Lanao Del Norte Provincial Police Office ang tumungo sa Surigao Del Norte kaugnay ng "Operation Tabang CARAGA" sa koordinasyon sa Surigao Del Norte Police Provincial Office.**


Naging benepisyaryo ang 980 na pamilya o 4,900 na indibidwal na apektado sa Bagyong "Odette" sa Sitio Toril, at Macricia Village, Islamic Center ng Brgy. Luna; New Life Gospel Church ng Brgy. Washington; at Brgy. Sta. Cruz, Placer.


Bukod dito, ang Faith Based Advocacy Support Group ng Lanao Del Norte Provincial Police Office ay naghandog ng mataimtim na panalangin para sa mga residente sa nasabing lugar. *(Panulat ni Patrolman Joshua C Fajardo / RPCADU 10)*









# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

## PNP, Bantay ng Kaayusan at Kapayapaan!

Ang mga alagad ng batas ay tagapangalaga nang kaayusan at kapayapaan ng lipunan, tagapagtanggol ng mamamayan laban sa mga manliligalig, protektor ng mahihina at mga walang lakas sa lipunan. Ang inyong pulisya ang tumutugis sa mga kriminal at mga terorista na naghahasik nang takot at pangamba sa mamamayan. Ang bawat kasapi ng inyong Philippine National Police (PNP) ay nakalaang mag-alay ng sarili upang tuparin ang kanilang sinumpaang tungkulin.

Kung ang inyong PNP ay tagapagtaguyod ng batas, kaayusan ng lipunan at mga demokratikong karapatan ng mamamayan, mayroon namang mga nilalang na ang tanging layunin ay maghasik nang takot at karahasan sa ating bansa. Dahil sa pinag-ibayong kampanya ng pamahalaan laban sa mga teroristang NPA at bunsod nang pagkasuklam na ipinapamalas ng taumbayan laban sa kanilang mga kontra-mamayang aktibidad; nagsasagawa na naman sila nang pananambang laban sa mga alagad ng batas.

Noong September 28, 2020, araw ng Lunes, alas 11:30 ng umaga, limang kasapi ng PNP 403rd B MC ang tinambangan ng mga NPA sa Mabaho Road, Brgy Cabalwa, Mansalay, Oriental Mindoro. Sakay ng kanilang patrol vehicle at kakatapos lamang nang kanilang pagpapatrulya, pinaulanan ng bala ng mga manliligalig ang sasakyan. Nasorpresa man, agad na nakipagpalitan nang putok ang mga alagad ng batas na mabilis na nakapag-execute ng tactical maneuver upang makaalpas sa killing zone ng mga terorista.

Sinunog din ng mga NPA ang sasakyan ng PNP na pinagkagastusan ng buwis mula sa mamamayang Pilipino. Agad na umatras at tumakas ang mga bandido nang dumating ang reinforcement troops ng pamahalaan mula sa PNP at 203rd Brigade ng 2nd Infantry Division, Philippine Army.

Nasugatan sa ambush sina PCpl Vincent Dominguez, PCpl Michael Librea at Pat Norman Alvaro na agad na isinugod sa pagamutan.

Sa kaparehong araw, nagsagawa din nang pataksil na pag-atake ang mga NPA sa lalawigan ng Albay. Dalawang pulis ang tinambangan sa Barangay Cawayan sa bayan ng Manito. Papunta na sa kanilang duty sa Quarantine Checkpoint ang mga pulis nang sila ay tambangan. Nasugatan sa insidente sina PSSgt Roger Dajac at PSSgt Melchor Buban na agad ding nadala sa ospital. Mabilis ding tumakas ang mga nanambang.

Sa ating mga kapatid na pulis na nasugatan dahil sa pagtatanggol para sa ating kapayapaan at Demokrasya, saludo po kami sa inyong katatagan at dedikasyon sa tungkulin!

# 24 na Indibidwal huli sa intensified anti-illegal gambling sa Butuan City

**24 katao ang nahuli ng mga lokal na awtoridad ng Butuan City matapos isagawa ang lumalawak na kampanya nito laban sa ilegal na pagsusugal sa dalawang magkahiwalay na operasyon noong Enero 21 at Enero 23 ng taong kasalukuyan.**

Ang operatiba ng BCPS2 Intelligence unit ay nagsagawa ng Anti-Illegal Gambling Operation noong Enero 21, 2022 na nagbunga sa pagkakaaresto sa 14 na indibidwal na nahuling tumataya sa online Cockfighting o "Online Sabong" sa Purok 3A-1, Barangay Holy Redeemer, Lungsod ng Butuan.

Kinilala ng mga operatiba ang mga suspek na sina Jimery C. Cutamora, 21 taong gulang; Charlito T. Desamparado, 50 taong gulang; Jocel G. Insail, 41 taong gulang; Galo C. Libres, 51 taong gulang, pawang mga residente ng Barangay Holy Redeemer, Butuan City; Alex F. Bartolaba, 36 taong gulang; Rodel C. Macaldo, 40 taong gulang; Richard P. Pasos, 33 taong gulang; Ariel A. Lad, 28 taong gulang, pawang mga residente ng Barangay Limaha, Butuan City, Alfie P Cerna, 32 taong gulang; Novabelo J. Lindo Dan, 40 taong gulang, pawang taga Barangay Obrero, Butuan City, Marlon E. Mendoza; 29 taong gulang, taga Purok 5, Brgy. Bading, Butuan City; Artemio L. Timcang, 29 taong gulang, Purok 1, Brgy. Masao; Jomarie Pasilong, 24 taong gulang, taga Purok 3, Brgy. Taguibo, Butuan City at Mario M. Aganap, 62 taong gulang, mula Purok 1, Brgy. Fort Poyohon, Butuan City.

Ang mga bagay na nasamsam at nakumpiska mula sa kanilang pag-aari ay isang (1) unit na Computer Set (Pesonet) at bet money na nagkakahalaga ng Php2,671.15.


Samantala, noong Enero 23, nagsagawa rin ng Anti-illegal Gambling Operation ang mga operatiba ng BCPS1 sa Purok-8 Virgo, Barangay JP Rizal, Butuan City. Walong (8) indibidwal ang nahuli sa aktong pakikisangkot sa ilegal na sabong (tukis-tukis). Nagresulta ito sa pagkakaaresto nina Azriel M. Porta, 31 taong gulang; Ernesto D. Tampil Jr., 49 taong gulang; Glenn P. Ga, 35 taong gulang; Vicente P. Cabiling, 59 taong gulang; Jessie P. Tiempo, 33 taong gulang; Charles P. Baliad, 39 taong gulang; Elley Jun C. Balmoria, 37 taong gulang; Ryan L. Cervantes, 31 taong gulang, pawang residente ng Barangay JP Rizal, Butuan City.

Narekober ang mga gamit sa mga suspek ang tatlong (3) pirasong manok na panabong na walang tari (buhay), isang (1) piraso na may nakalagay na tari, isang (1) patay na manok na panabong, at cash money na nagkakahalaga ng Php1,661.

Inihahanda na ang mga kasong isasampa laban sa mga suspek.

"Ang palagiang pag-aresto sa mga suspek na sangkot sa ilegal na sugal ay nagpapatunay na seryoso ang Butuan Police sa mandato nitong puksain ang ilegal na sugal dito sa Butuan. Kaya pinupuri ko ang Station Commanders ng BCPS 1 at 2, pati na rin ang mga operatiba para sa mahusay na trabaho", ani Police Colonel Excelso Lazaga. Jr. *(Panulat ni Patrolman Jhunel Cadapan)*

# Top 10 Most Wanted Person, timbog sa Balamban, Cebu




**Balamban, Cebu (January 24, 2022) - Sa bisa ng Warrant of Arrest, timbog ang Top 10 Most Wanted Person sa isinagawang manhunt operation ng mga tauhan ng Balamban Municipal Police Station nito lamang ika-24 ng Enero 2022 sa Sitio Kamangahan, Brgy. Buanoy, Balamban, Cebu.**

**Ang nahuli ay kinilalang si Michael Mangyao Caralde, 21 taong gulang, lalake, binata, at residente ng Brgy. Buanoy, Balamban, Cebu na tubo mula sa Brgy. Guba, Vallerhermosa, Negros Oriental.**

Naaresto ang nasabing suspek sa paglabag sa RA 8353 (Anti Rape Law of 1997), isang uri ng kaso na walang piyansa.

Ang matagumpay na pagkakahuli sa suspek ay sa pagsisikap ng mga tauhan ng Balamban MPS na pinangungunahan ni PMaj Reyco Roma Romaguero, Acting Chief of Police, sa tulong at sa koordinasyon ng mga tauhan ng Vallerhermosa MPS, Negros Oriental, RIU 7, at Regional Mobile Force Battalion 7 na pinangangasiwaan nina PMaj Paul T Paden, PLt Allen Jervis Ramos, at PLtCol Efraem G Paguyod.


Hangad ng ating kapulisan na wakasan ang anumang uri ng kriminalidad sa kanilang nasasakupan kaya tinitiyak ng mga ito na patuloy nilang paiigtingin ang pagpapatupad sa isinasagawang kampanya laban sa kriminalidad. *(Panulat ni Patrolman Edmersan P Llapitan)*

## Wanted person na may kasong Attempted Homecide, arestado

**Guihulngan City, Negros Oriental (January 22, 2022) - Arestado ang isang wanted person sa isinagawang operasyon ng mga kapulisan ng Negros Oriental noong ika-22 ng Enero 2022 sa Sitio Bonbon, Barangay Hinakpan, Guihulngan City, Negros Oriental sa bisa ng Warrant of Arrest.**

Ang suspek ay kinilalang si Gery Jose y Recabo, 51 taong gulang, may asawa, magsasaka at residente ng Sitio Cantomapon, Barangay Hinakpan, Guihulngan City, Negros Oriental na may kasong Attempted Homicide.

Ang pagkakahuli sa nasabing suspek ay bunsod ng agresibong Intelligence Driven Law Enforcement Combat Operation ng mga tauhan ng Regional Mobile Force Battalion 7 na pinamumunuan ni PLtCol Ronan Claravall sa pangunguna ni PLtCol Epream Paguyod at PCpt Ranie Bantolio ng 704th MC ng RMFB7 kasama ang mga tauhan ng RIU7, RID7, Guihulngan CPS at 2nd PMFC NOPPO. *(Panulat ni Patrolman Aivan Guisadio)*




# COMELEC Gun ban violator, arestado sa COMELEC checkpoint

**Danao City, Cebu (January 22, 2022) - Naaresto ang isang gun ban violator sa isinagawang checkpoint ng mga kapulisan ng Danao City Police Station sa pangangasiwa ni PLtCol Fortunato Ty Ecle Jr, Chief of Police, noong ika-22 ng Enero 2022 sa Danao City, Cebu.**

Kinilala ang naaresto na si Arcelito Tautho Roble aka Arcelito Gonzales Roble, 37 taong gulang at residente ng Sitio Colo, Brgy. Cahumayan, Danao City, Cebu sa paglabag sa RA 10591 in relation to Omnibus Election Code (Gunban).

Ang suspek na si Roble ay nagtangkang umiwas at mag U-Turn sakay ang Honda Beat Motorcycle pero agad din siyang na flagged-down ng mga Front Security ng Checkpoint Team.

Nakuha sa kanya ang isang Ingram Sub-Machine Gun na may kargang limang (5) bala ng .380 caliber sa magazine. Dahil sa kawalan ng mga dokumentong dapat ipresenta sa baril at Driver's License kaya siya ay inaresto.

Sa inisyal na imbestigasyon ng pulisya, si Roble ay napag-alamang mayroong standing Arrest Warrant para sa kasong Pagnanakaw o Theft na may docket na Criminal Case No. 48359.

May mga imbestigasyon pang isinagawa ang kapulisan sa posibleng pagkakasangkot ng suspek sa naganap na robbery hold-up noong Disyembre 26, 2021 sa isang barbeque at refreshment parlor. *(Panulat ni Patrolman Aivan Guisadio)*



# Miyembro ng Gun-for-Hire Group sa Iloilo kalaboso, ilegal na droga at baril nakumpiska



Banate, Iloilo (January 20, 2022) - Timbog ang isang suspek na miyembro ng gun-for-hire sa isinagawang entrapment operation ng PNP Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) Iloilo PFU, kasama ang Regional Intelligence Division 6 (RID6), Provincial Intelligence Unit- Iloilo Provincial Police Office (PIU-IPPO) at Banate Municipal Police Station bilang Support Units nitong Enero 20, 2022 sa Brgy. Libertad, Banate, Iloilo dakong alas 3:00 ng hapon.

Kinilala ang suspek na si Resurrecion Lagradante y Badayos alias Tikloy, 46 years old, married at residente sa Brgy. Belen, Banate Iloilo. Si Lagradante ay isa sa mga miyembro ng Caballero Gun-for-Hire Group na kasama sa mga illegal drug trafficking at gun-running activities sa ikatatlo (3rd) at ikaapat (4th) na Distrito ng Iloilo.

Deretsahang nakuha sa kanya ang isang (1) piraso ng Php100 bill, isang (1) bundle boodle money na may pitong (7) pirasong Php1,000 bill, dalawang (2) pirasong Php500 bill, dalawang (2) pirasong Php200 bill at 15 pirasong Php100 bill; isang (1) unit caliber 22 revolver at isang (1) unit caliber 22 revolver (Black Widow) na parehong walang serial number; at 11 piraso ng live ammunition (caliber 22).

Habang nakuha naman ang apat (4) na pirasong heat-sealed transparent plastic sachet na may lamang white crystalline substance na pinaghihinalang shabu, tatlong (3) piraso ng foil, dalawang (2) pirasong lighter (color blue at orange) at isang (1) pirasong green container (Doublemint) ng kinapkapan ng mga operatiba ang nasabing suspek.

Ang suspek ay nahaharap sa kasong paglabag sa RA 10591 at kasalukuyang iniimbestigahan pa para sa karagdagan pang mga kaso. *(Panulat ni Patrolman Kher D Bargamento)*

# 2 lalaki patay matapos makipagbarilan sa kapulisan sa Sultan Kudarat

Esperanza, Sultan Kudarat (January 24, 2022) - Nakipagpalitan ng putok ang mga operating team sa dalawang (2) armadong suspek sa isinagawang mobile checkpoint operation bilang bahagi ng pinaigting na pagpapatupad ng OPLAN: Integrated Revitalized Operation of Neighborhood Watch Against Criminality Lawlessness and Disaster o OPLAN: IRON CLAD XII, sa Esperanza, Sultan Kudarat, noong Enero 24, 2022.

Ang mga suspek ay sina alyas “Bronx” at Guiamaludin T. Kasaan alyas “Wahid Nasser”, na parehong sakay ng Suzuki Multicab ay tumangging huminto matapos mag-flag down ang mga awtoridad na kalaunan ay nagsimula nang makipagbarilan sa alert team kung saan nagtamo ng sugat ang mga suspek.

Matapos ang nasabing engkwentro ay agad silang dinala sa Our Lady of Hope Clinic and Hospital ngunit idineklarang dead on arrival ng attending physician.

Narekober sa mga suspek ang caliber .22 revolver na may apat (4) na bala, dalawang (2) basyo ng bala, isang (1) homemade break-open pistol na may fired cartridge case sa loob ng chamber nito, apat (4) na basyo ng 9mm caliber pistol, 40 piraso ng small sized plastic sachet ng pinaniniwalaang shabu, at isang (1) Improvised Explosive Devises (IED) na narekober naman sa loob ng dashboard compartment ng sasakyan.

Ipinag-utos ni PRO 12 Regional Director, PBGen Alexander Tagum ang mas malalim na imbestigasyon para ma-validate ang impormasyon hinggil sa pagkakasangkot ng dalawang (2) suspek bilang IED courier at miyembro ng BIFF Bungos Faction na responsable sa illegal drug trade, motor napping at iba’t ibang kriminal na aktibidad sa lugar.



“Ang tagumpay na ito ay isang malinaw na pagpapakita ng walang pag-aalinlangan sa pagsisikap ng PNP na puksain ang lahat ng uri ng kriminal at teroristang aktibidad upang matiyak ang kaayusan at kaligtasan ng publiko at mapanatili rin ang pangmatagalang kapayapaan sa rehiyon,” pahayag ni PBGen Tagum. *(Panulat ni Patrolwoman Sherie-ann G. Masi)*

# Lalaking nagpakilalang miyembro ng NBI, huli sa isinagawang COMELEC checkpoint



**GMA, Cavite (January 25, 2022) - Nahuli ng mga kapulisan sa isinagawang COMELEC checkpoint sa pangunguna ni Police Major Gilbert H. Derla, hepe ng General Mariano Alvarez Municipal Police Station ang isang lalaking nagpakilalang miyembro ng NBI sa Governor's Drive, Brgy. San Gabriel, GMA, Cavite bandang 7:30 ng gabi ng Enero 25, 2022.**

Kinilala ang suspect na si John Gandionco y Altarejos, edad 33 at nakatira sa Brgy. 378 Sampaloc 3, Dasmariñas City, Cavite.

Isang Toyota Innova na kulay maroon na may conduction sticker na P4P029 ang minaneho ng nasabing suspek na kung saan ay napansin ng mga awtoridad sa passenger’s seat ang isang (1) Cal. 38 super colt MK IV Series 70 na may serial number 708S56, isang (1) magazine na may laman na anim (6) na bala at isang (1) reserba na magazine na may laman ding limang (5) bala.

Ang suspek ay nagpakilalang miyembro ng National Bureau of Investigation at nagpakita ng dalawang piraso ng Identification Card (IDs) ng kanyang pagkakakilanlan na may logo ng NBI.

Ang nasabing suspek ay inaresto at dinala sa presinto kasama ang mga ebidensya para sampahan ng kasong paglabag sa RA 10591 o Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act na may kinalaman sa pinapatupad na COMELEC Omnibus Election Code Resolution No. 10728.

Ayon kay PMaj Derla, utos ni C, PNP Police General Dionardo Carlos na paigtingin ang mga operasyon laban sa mga nagdadala ng mga baril na hindi otorisado at arestuhin ang mga lumalabag sa COMELEC Omnibus Election Code.

# Bangkay na palutang-lutang, natagpuan sa Davao del Sur

**Sta. Cruz, Davao del Sur (January 22, 2022) - Narekober ang bangkay ng isang babae na palutang-lutang sa dalampasigan ng Sta. Cruz, Davao del Sur noong Sabado, ika-22 ng Enero 2022.**

Di katanggap-tanggap ang kinahantungan ng babae nang ito unang natagpuan ng miyembro ng Philippine Coast Guard kung saan ay nakita itong nakagapos ng nylon rope at black twine mula leeg hanggang paa at may pabigat na nakakabit na mabigat na bagay upang magsilbing angkla.


Ayon sa paunang imbestigasyon ng Sta. Cruz Municipal Police Station, wakwak ang tiyan ng babae at may posibilidad ding hinampas siya ng matigas na bagay sa mukha. Pinaniniwalaan din ng himpilan na galing sa kalapit na bayan ang biktima at nadala lamang ito ng malakas na alon kung saan ito natagpuan.

Patuloy naman ang isinasagawang imbestigasyon ng himpilan upang malaman ang pagkakakilanlan ng babae at posibleng motibo ng pagpatay.

Nananawagan naman ang lokal na pulisya sa komunidad na huwag magdalawang-isip na magbigay ng impormasyon na posibleng makatulong upang malutas ang pangyayari at mabigyan ng hustisya ang kanyang kamatayan. *(Panulat ni Patrolman Noel Lopez)*



# NPA na Wanted sa kasong pananaksak, arestado sa Surigao del Norte




**Surigao del Norte (January 25, 2022) – Naaresto ang isang wanted na miyembro ng Communist Terrorist Group (CTG) ng Guerilla Front (GF) 16, North Eastern Mindanao Regional Committee (NEMRC) sa isinagawang manhunt operation ng pinagsamang tauhan ng Regional Intelligence Division (RID) 13 at Agusan del Norte Provincial Intelligence Unit (PIU) sa KM 5, Sitio Osok, Brgy. Panatao, Claver, Surigao del Norte dakong 9:40 ng umaga ng Enero 25, 2022 sa bisa ng Warrant of Arrest na may petsang Nobyembre 4, 2019.**

Ayon sa ulat ni Police Regional Office (PRO) 13 Director, Brigadier General Romeo Caramat Jr., nakilala ang naarestong miyembro ng CTG na si Orlando Gariol Porogoy alyas "Lando", 62 taong gulang, at residente ng Barangay Cuyago, Jabonga, Agusan del Norte.

Si Lando ay kilala bilang aktibong miyembro ng Squad Tres, SDG16, Guerilla Front 16, NEMRC at RID na nakalista sa Working Periodic Status Report (WPSR) noong 2nd Quarter ng 2019.

Isa umano si Lando sa mga suspek sa insidente ng pananaksak noong Mayo 20, 2019 sa Purok 9, Barangay Jabonga, Agusan del Norte na nakabiktima ng isang Rodito L Boklas.

Siya ay nahaharap sa kasong murder sa ilalim ng Criminal Case No. 19233.

Malaki ang pasasalamat ni PBGen Caramat Jr. sa aktibong kooperasyon ng mga tao sa hangarin ng PNP sa pamumuno ni Chief PNP Police General Dionardo Carlos para mahuli ang mga wanted dahil napakahalagang maiharap sila sa korte at managot sa mga kasong isinampa laban sa kanila. *(Panulat ni: Patrolman Jhunel D Cadapan-RPCADU13)*

# 4 CTG Members at Mass Supporter, sumuko sa T'boli MPS




**T'boli, South Cotabato (January 26, 2022) - Sumuko ang apat na (4) na miyembro ng Communist Terrorist Group (CTG) at isang (1) mass supporter sa Sitio Lamcogo, Brgy. Lamsalome, T'boli, South Cotabato noong Enero 26, 2022 sa pamunuan ng Police Regional Office 12. Ito ay dahil sa mas pinaigting na kampanya laban sa terorismo at insurhensiya ng naturang rehiyon.**

Pinangunahan ng T'boli MPS ang pagsuko ng mga dating rebelde mula sa Brigol Command/Roxas Range, GF MUSA/GF 73, FSMR na sina Richard Simpal a.k.a Anak; Erbert Kanan Me a.k.a. Bon-bon; Joar Batol Dala a.k.a. Vice Ganda; at Jaime Ampan Nangay a.k.a. Miray, at isang mass supporter na si Jisie Samkil Dasan a.k.a. Lito.

Isinuko rin nila ang limang (5) piraso ng Improvised Explosive Device (IED) at isang (1) unit homemade shotgun sa T'boli MPS para sa dokumentasyon at tamang disposisyon.

Samantala, umaapela naman si PBGen Alexander Tagum sa mga aktibong miyembro at tagasuporta ng mga teroristang grupo na bumalik sa saklaw ng batas at gamitin ang mga programang iniaalok ng gobyerno tulad ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP).

"I urge the lawless groups to choose a peaceful life before it's too late, because the police force is determined to end all forms of terrorism and criminality," ani PBGen Tagum. *(Panulat ni Patrolman Charnie A. Mandia)*

# CTG Leader sa Mindanao, patay sa operasyon ng pulisya at militar



**Impasugong, Bukidnon (January 21, 2022) - Sa isinagawang operasyon ng pinagsanib pwersa ng 16th Infantry Battalion katuwang ang 4th infantry Division's Operational control at ng PNP Special Action Force laban sa insurhensiya sa bansa sa Barangay Kalabugao, Impasugong, Bukidnon na nagresulta sa pagkapatay ng isang CPP-NPA Terrorist Commander sa Mindanao at ng kanyang kasama noong Enero 21, 2022.**

Ayon kay Lt. Col Neil Armstrong Batayola, Commanding Officer ng 16IB, 402nd Infantry Brigade, agad silang tumugon sa reklamo ng isang concerned citizen hinggil sa isang grupong nagsasagawa ng pang-aabuso sa lugar na nagresulta sa palitan ng putok sa labinlimang (15) rebelde.

Nakilala ang nasawi na si Pedro Codaste Alyas "Gonyong" ang pangalawang kumander ng NPA sa Mindanao.

Natagpuan naman ang isang (1) AK47 rifle at isang (1) Cal. 45 Pistol sa pinagyarihan ng engkwentro.

"Codaste was considered as the acting KOMMID Chairman after the death of Cabanatan alias Kuba, Madlos alias Ka Oris and Villanueva alias Ka Bok. Miyembro siya ng CPP's Central Committee at Consultant ng National Democratic Front (NDF). Dati siyang, Secretary ng Guerilla Front 4A (GF4A) sa Agusan del Sur noong dekada '90s na kalaunan ay naging Secretary ng North Central Mindanao Regional Committee noong 2009. Naitalaga siya ng Central Committee ng CPP 2nd Congress noong 2016," saad ni BGen Vesliño.

Si Codaste ay may Warrant of Arrest at nahaharap sa patong-patong na kasong murder, double frustrated murder at attempted murder.

"We have once again delivered justice for our people. While we extend our sympathies to the families and friends of those killed, Codaste's death is a tangible reminder that injustices that brought suffering and numerous deaths will forever haunt us. A clearer manifestation of the people in rejecting the CPP-NPA-NDF," dagdag pa ni BGen Vesliño.

Patuloy na hinihimok ang mga natitirang lider at miyembro ng grupo na sumuko na upang maiwasan ang kaparehong kapalaran ni Codaste at sa pamamagitan ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program o E-CLIP ng gobyerno, sila ay mapayapang makakabalik sa kanilang mga pamilya. *(Panunulat ni Patrolman Edwin Baris, RPCADU 10)*

# Php14M shabu nasabat sa Bangkal, Makati




Bangkal, Makati (January 25, 2022) - Pinapurihan ni NCRPO Chief, PMGen Vicente Danao Jr ang Southern Police District (SDP), sa pamumuno ni PBGen Jimili Macaraeg, District Director, sa pagkakakumpiska ng ilegal na droga sa dalawang magkahiwalay na buy-bust operation noong Enero 25, 2022.

Ang naunang operation ay naganap sa Evangelista Street cor. Arnaiz Ave. Brgy. Bangkal, Makati City. Ang suspek ay kinilalang si Aldren Mariscal y Cabarrubias @ Aldren, 21 taong gulang, walang asawa at trabaho.

Ayon sa ulat na isinumite ni PCol Harold Depositar, Chief of Police, nagsagawa ang mga operatiba ng SDEU kasama ang SIS sa pinagsamang buy-bust operation at ng PDEA (Coordination No.10001-012022-0679), laban sa suspek. Matapos ang pakikipag-usap, siya ay agad-agad na inaresto.

Nakuha sa kanyang posesyon ang mga ebidensya na isang (1) pirasong plastic pack na may white crystalline substance ng hinihinalang shabu; dalawang (2) plastic bag na may markang Ninja Van; dalawang (2) eco bag; dalawang (2) Php1000 bill na buy-bust money at 898 pirasong Php1000 bill boodle money.

Ang nakuhang shabu ay may timbang na 2000 gramo na may Standard Drug Price na Php13,600,000.

Samantala, ang District Drug Enforcement Unit ng SPD, sa pangunguna ni PLt Cecilio Tomas, ay nagsagawa din ng operasyon noong Enero 25, 2022 sa #3299 Kabesang Cillo St, Brgy. Tambo, Paranaque City, kung saan dalawang (2) lalaki ang naaresto.

Ang mga suspek ay kinilalang sina Kennedy Balan y Reyes, 25 taong gulang at Maynard Delos Santos y Quilay alias Kuyang, 28 taong gulang.

Sa ulat, napag-alamang nagsagawa ang mga tauhan ng DDEU-SPD, kasama ang DID at DMFB-SPD, may Certificate ng Coordination mula sa PDEA (control No. 10001-012022-0676), ng buy-bust operation kung saan isang operatiba ang umaktong poseur-buyer. Matapos ang deal, mabilis na inaresto ang mga suspek.

Nakumpiska ang mga ebidensyang 11 na pirasong heat sealed transparent plastic sachets na may white Crystalline substance na hinihinalang shabu na may timbang na MOL 50 gramo at halagang SDP value na Php340,000; isang (1) pirasong Php500 bill na ginamit na buy-bust money; at isang (1) pirasong navy blue pouch.

Ang mga suspek ay binasahan ng kanilang constitutional rights at nasa kustodiya na ng pulis para sa angkop na disposisyon. Hinahanda na ang mga reklamo sa paglabag sa Sections 5 at Section 11 ng RA 9165 para sa inquest proceedings.

"Binabati ko ang mga kapulisan natin sa SPD sa kanilang tagumpay na operasyon laban sa ilegal na droga. Ipagpatuloy natin ang ating nasimulan at asahan ninyo ang aking suporta sa mga susunod pa ninyong operasyon. Ang pagkumpiska sa ganito kalaking halaga ng shabu ay malaking tulong sa atin laban sa ilegal na droga" sabi ni PMGen Danao. *(NCRPO-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)*

# Php8.6M na halaga ng marijuana, sinira ng Sulu PNP!

**Kalingalan Caluang, Sulu (January 23, 2022) - Nakumpiska ng pinagsanib na puwersa ng Sulu Police Provincial Office, Regional Mobile Force Battalion Basulta, Philippine Drug Enforcement Agency, Philippine Marines, Criminal and Investigation Detection Group IX, Regional Intelligence Unit IX, National Intelligence Coordinating Agency IX, at Special Action Force ang 10,000 fully-grown Marijuana Plants na nagkakahalaga ng Php8,600,000 sa isinagawang law enforcement operation sa Brgy. Masjid Bayle, Kalingalan Caluang, Sulu noong Enero 23, 2022.**

Kinilala ng Sulu Police Provincial Office sina alyas "Jabs" at alyas "Aksan" na nakaiwas sa pag-aresto, sila ay kabilang sa mga nagsasaka sa 10,000 square meters na plantasyon ng marijuana.

Ang mga nakumpiskang ebidensya ay sinunog sa lugar ng operasyon at ang sample evidence ay isinumite sa Sulu Provincial Crime Laboratory Office.

Bukod dito, inihahanda na ang kasong isasampa laban sa mga suspek sa paglabag sa R.A. 9165 o ang Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Pinuri ni PBGen Eden Ugale, Regional Director, PRO BAR, ang operating units sa kanilang pinaigting na anti-illegal drug operations para mapuksa ang ilegal na droga. Bukod dito, mananatiling walang humpay ang PRO BAR sa kampanya nito laban sa ilegal na droga at kriminalidad upang mapanatili ang kapayapaan at kaayusan sa rehiyon ng Bangsamoro.

# Php680k halaga ng shabu nasamsam mula sa dalawang Korean Nationals

**Malate, Manila (January 25, 2022) - Pinuri ni PMGen Vicente Danao Jr, RD, NCRPO, ang Malate Police Station, Manila Police District sa pamumuno ni PBGen Leo Francisco, District Director para sa matagumpay na buy-bust operation na nagresulta sa pagkahuli sa dalawang (2) lalaking Koreanong suspek sa kahabaan ng Mabini Street, Malate, Manila bandang alas-3:15 ng umaga ng Enero 25, 2022.**

Kinilala ang mga naarestong suspek na sina Je Woo y Cho "Woo", Korean National, 55 taong gulang, lalaki, may asawa, walang trabaho at naninirahan sa 718 Balagtas Mansion, Balagtas Street, Pasay City at Lee Jong Bum, Korean National, 46 taong gulang, lalaki, binata, walang trabaho at naninirahan sa 710 Balagtas Mansion, Balagtas Street, Pasay City.

Nagsagawa ng buy-bust operation ang mga operatiba kung saan isang pulis ang umaktong poseur-buyer, at sa matagumpay na transaksyon at kasunduan ay agad na inaresto ng mga operatiba ang mga nasabing suspek.

Nakuha mula sa mga suspek ang mga sumusunod na ebidensya, ang walong (8) piraso ng heat-sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng puting crystalline substance na pinaniniwalaang shabu; buy-bust money na isang (1) pirasong genuine one-thousand-peso bill at siyam (9) na piraso ng one-thousand-peso bill boodle money.

Ang mga nakumpiskang ebidensya ng droga ay may tinatayang bigat na 100 gramo at may tinatayang halaga ng DDB na Php680,000.

Ang mga naarestong suspek ay pansamantalang nakakulong sa Malate Police Station (PS-9) Custodial Facility para sa mga dokumentasyon at inihahanda na ang mga reklamo para sa paglabag sa RA 9165.

Ang mga kapulisan lalong-lalo na sa mga istasyon ay walang humpay ang pagsisikap sa pagsasagawa ng buy-bust operations. Anuman ang nasyonalidad, lahi o katayuan ay hindi makakaligtas sa batas laban sa ilegal na droga. *(Panulat ni Patrolwoman Nica V Segaya)*




# High Value Target, arestado; Php1M halaga ng shabu, nakumpiska

Sultan Mastura, Maguindanao (January 27,2022) - Nakumpiska ng pinagsanib puwersa ng Sultan Mastura Municipal Police Station, Provincial Intelligence Unit Maguindanao Police Provincial Office, Tactical Operation Group 12, 300th Air Intelligence Security Wing, Regional Highway Patrol Unit-BAR at Philippine Drug Enforcement Agency BARMM ang Php1,000,000 halaga ng Shabu sa isinagawang buy-bust operation noong Enero 27, 2022 sa Narciso Ramos Hi-way, Brgy. Macabiso, Sultan Mastura, Maguindanao.

Nagresulta rin ito sa pagkakaaresto sa isang high value drug suspect na kinilalang si alyas ""Jetro", 37 taong gulang, at residente ng Brgy. Bungabong, Sultan Mastura, Maguindanao.

Ayon sa report ng Sultan Mastura MPS, pumayag umano ang suspek na magbenta ng shabu sa isang undercover agent ng PDEA na umaktong poseur-buyer, dahilan ng pagkakaaresto nito.

Nakumpiska mula sa suspek ang tatlong (3) selyadong transparent plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang shabu na may timbang na 150 gramo at may estimated standard drug price na 1 million pesos, isang (1) genuine Php1,000 bill na inilagay sa ibabaw ng 3 bundle ng photocopied paper bills, Php2,100 cash, isang (1) unit ng HONDA XRM 125 Motorcycle, isang (1) OPPO cellular phone at iba't ibang identification cards.

Dinala sa PDEA BAR ang mga naarestong suspek, at ang mga nakumpiskang ilegal na droga at iba pang ebidensya para sa kustodiya at kaukulang disposisyon.

Pinapurihan ni PBGen Eden Ugale, Regional Director, PRO BAR, ang mga operatiba sa likod ng operasyong ito. Ito ay nagpapakita lamang ng pangako ng PRO BAR na alisin ang mga kriminalidad at mga ilegal na aktibidad sa rehiyon lalo na ang mga krimeng may kinalaman sa ilegal na droga. *(Panulat ni Patrolman Charlie Nasroden C. Corpuz III, RPCADU BAR)*

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No. 04 * Enero 22-28, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# Gasa nga Puloy-Anan Project ng Cebu Police Provincial Office, matagumpay na naisakatuparan!



**Cebu (January 28, 2022) - Matagumpay na naisakatuparan ang turn-over ng mga regalong pabahay sa mga benepisyaryo ng Gasa nga Puloy-anan Project ng Cebu Police Provincial Office na pinangunahan nina PLtCol Melbert Glade Esguerra, Deputy Provincial Director for Administration at PLtCol Leo Ty, Chief, Police Community Affairs and Development Unit noong ika-28 ng Enero, 2022.**

Umabot sa labing pitong (17) bagong tahanan ang naipatayo at sabay sabay na ipinamigay ng mga tauhan ng CPPO bilang regalo sa mga piling residente na mula sa iba't ibang munisipalidad ng Lalawigan ng Cebu.

Ilan sa mga mapalad na tumanggap mula sa nasabing proyekto ay ang pamilya nina Mr. Santos Tanoy na residente ng Sitio Panaguikan, Brgy Tapon, Dalaguete, Cebu at Nanay Leonila Osabel na residente naman ng Brgy. Maharuhay, Medellin, Cebu.

Ang Gasa nga Puloy-anan ay isang generosity-of-heart-driven program ng CPPO na nagbibigay ng maayos na bahay para sa mga higit na nangangailangan na mga kababayan natin sa lalawigan ng Cebu.

Ang nasabing programa ay isa sa mga alagang proyekto ni PCol Engelbert Soriano, Provincial Director na naglalayong magpaabot ng tulong sa mga pinakamahirap sa komunidad na lubos na naapektuhan at tinamaan sa aspetong pang sosyo-ekonomiko sa krisis na dulot ng pandemya at iba pang mga kadahilanan.

Maliban sa mga bagong bahay, nakatanggap din sila ng mga groceries at iba pang gamit sa bahay na donasyon ng iba't ibang stakeholders, force multipliers at mga miyembro ng advocacy group.

Sa naging pahayag ni PCol Soriano, "This project is one of the ways of encouraging our PNP personnel to reach out to the poorest of the poor in their community and area of responsibility."

Dagdag pa nito, "Every day we experience kindness and generosity from random people. We just have to pay it forward".

Ang hakbangin na ito ng CPPO ay nagpapakita na kung may pagkakaisa at pagtutulungan, nagagawa natin na makapagpaabot ng tulong sa ating mga kababayan na higit pa sa ating mga inaakala. *(Panulat ni Patrolman Edmersan Llapitan)*



# Alay na dugo ng kapulisan, para sa kanilang mga kababayan!





**Tacurong City, Sultan Kudarat (January 24, 2022) - Boluntaryong nagdonate ng dugo ang mga tauhan ng 1202nd Maneuver Company ng Police Regional Office 12 sa ikinasang Blood Letting Program ng National Recovery Service Program of the Department of Health, Sultan Kudarat Doctors Hospital Inc., sa bayan ng SKEI Gymnasium, Tacurong City, Sultan Kudarat noong Enero 24, 2022.**

Ang mga tauhan ng PRO12 kasama ang ilang mga medical technologists, doctors, at nurses ay nagkaisa upang makalikom ng dugo na makatutulong sa mga lubos na nangangailangan partikular na para mga pasyente ng nasabing ospital.

Sa kabuuan ay naging mapayapa ang isinagawang Blood Donation Drive at nakakalap ng sapat na donasyong dugo. Ipinagpasalamat naman nila ang pakikiisa at pagdodonate ng mga kapulisan na nagpapakita ng kanilang malasakit sa kapwa. *(Panulat ni Patrolman Khnerwin Jay A Medelin)*

# Pulis ipinagrocery ang isang pulubi!





**Kidapawan City (January 25, 2022) - Nakakaantig puso ang ginawang kabutihan ng isang pulis na si Patrolwoman Decemae Pillo sa kanyang pagbibigay ng pagkain sa isang pulubi na nakahiga sa harap ng RCBC Bank sa bayan ng Kidapawan City.**

Ayon kay Patrolwoman Pillo, siya ay nagpapatrolya sa nasabing lugar nang makita ang isang pulubing lalaki na nakahiga sa malamig na sahig na siyang pumukaw sa kanyang atensiyon. Dito ay hindi siya nagdalawang isip na ipamili ito ng makakain at binigyan ng kaunting grocery.

Talaga namang nakakataba ng puso ang ginawang kabutihan ni Patrolwoman Pillo kaya naman dapat na pamarisan ang buong puso na paglilingkod nito hindi lamang sa bayan kundi pati na rin sa mga mamamayan. *(Panulat ni Patrolman Khnerwin Jay A Medelin)*